



# BUOD NG GABAY PARA SA K-12 NA MGA PAARALAN NG HAWAI'I

## Paano Mabawasan ang Pagkalat ng Covid-19 sa Mga Paaralan

- **Manatiling napapanahon sa pagbabakuna - ang pagbabakuna ay ang pinakamahalagang diskarte** upang maprotektahan ang mga mag-aaral at kawani
  - Ang lahat na karapat-dapat ay dapat makakuha ng mga napapanahon na pagbabakuna sa COVID-19
  - Ang mga bakuna ay libre, ligtas, at nakakatulong na protektahan ang mga tao mula sa labis na pagkakasakit o pagkamatay mula sa COVID-19
- **Manatili sa bahay kapag ikaw ay may sakit, bukod sa pagkuha ng mga serbisyong medikal**
- **Ang pagsusuot ng mask ay nagbibigay ng karagdagang antas ng proteksyon**, na mas mahalaga para sa mga may mataas na panganib na magkasakit ng malubha.
- **Maghugas ng kamay nang madalas at ipangtakip kapag umuubo at bumabahing**



## Patnubay sa Paghihiwalay

Kung ikaw ay may mga sintomas ng COVID-19<sup>1</sup> o **nagpositibo**:

- **HUWAG pumunta sa paaralan at ipalam sa paaralan**
- **Manatili sa bahay at HUMIWALAY maliban kung kukuha ng pangangalagang medikal hanggang:**
  - **"Hindi bababa sa 5 buong araw** pagkatapos lumabas ang mga sintomas o kung walang sintomas, pagkatapos masuri; **at"**
  - **Hindi bababa sa 24 na oras** pagkatapos ng huling lagnat nang hindi gumagamit ng gamot na pampababa ng lagnat; AT
  - ang mga sintomas, kung mayroon man, ay bumuti
- Kapag bumalik ka sa paaralan pagkatapos ng paghihiwalay, **magsuot ng angkop na mask** sa loob ng bahay sa loob ng **buong 5 araw**

<sup>1</sup> Mga mag-aaral at kawani na may mga patuloy na sintomas mula sa ibang dahilan (hal., allergy, hika) at walang alam na pagkakalantad sa COVID-19 ay hindi kailangang humiwalay maliban kung magkakaroon sila ng mga bago o lumalalang sintomas o magpositibo sa COVID-19.



## Patnubay sa Pagkakalantad

- **Maaari kang manatili sa paaralan kung wala kang mga sintomas**, anuman ang katayuan ng pagbabakuna
- **Magsuot ng mask sa paligid ng iba sa loob ng 10 araw**
- Panoorin ang mga sintomas ng COVID-19
- **Magpasuri ng hindi bababa sa loob ng 5 araw pagkatapos ng pagkakalantad**, kahit na wala kang mga sintomas
- Kung magkaroon ng mga sintomas, agad na humiwalay at magpasuri



- **Patnubay para sa mga Paaralan - [health.hawaii.gov/coronavirusdisease2019/resources/school-guidance/](https://health.hawaii.gov/coronavirusdisease2019/resources/school-guidance/)**
- **Mga bakuna sa COVID-19 - [HawaiiCOVID19.com/vaccine/](https://HawaiiCOVID19.com/vaccine/)**
- **Sanggunian ng Iba't-ibang Wika - [HawaiiCOVID19.com/mga-pagsasalin/](https://HawaiiCOVID19.com/mga-pagsasalin/)**